Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon

**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**

# 3 ARALING PANLIPUNAN

## Pansariling Pampagkatutong Modyul




PAGMAMAY-ARI NG PAMAHALAAN

HINDI PINAGBIBILI

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulangbayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd NCR Regional Office at ng CLMD. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na sinasaad ng IPR para sa karapatang pagkatuto.

Mga Tagasuri

# Araling Panlipunan
# Ikatlong Baitang


**Regional Office Development Team:**

Andrew E. Tan, Dennis M. Mendoza, Micah G. Pacheco, Amalia C. Solis, Orlando D. Claor, Marites B. Directo, Dr. Maria Ruena R. Yaptangco, Maria Cristina T. Tuason, Maria Lilia S. Sanchez, Ma. Rhollette D. Benedicto, Mery Jean E. Devilleres, Cristina D. Cruz, Ronald C. Dominguez, Yolanda C. Ornillo, Leo Roberts M. Reyes, Leonila D. Minoncia, Estrella C. Ong, Margie S. Galedo +

**Schools Division Development Team:**

Amalia C. Solis, Myrna G. Soriano, Lucky S. Carpio, Lady Hannah C. Gillo, Albert James P. Macaraeg, Janice N. Gagante, Lady Jane R. Rafols, Nilda M. Arcibal, Maricar C. Gabayron, Angelica C. Lebico, Marites D. Dela Cruz, Teresa D. Brizuela, Ronnel C. Adani



**Araling Panlipunan Ikatlong Baitang**
**SLeM - Learner's Material**
**Ikalawang Markahan**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon NCR
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Ikalawang Patnugot: Arnulfo M. Balane

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

**Para sa Tagapagpadaloy**

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang Araling Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

**Para sa Mag-aaral**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Maging tapat at may integridad sa pagsasagawa ng mga gawainat sa pagwawasto ngmgakasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi sa MELC. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELCs at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayangkailangan |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude(KSA).Pinahihintulutan ngguroangmga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga paksa. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang kanilang mga natutuhan. |

WEEK 1

I

# Ang Kasaysayan ng Kinabibilangang Rehiyon

## Aralin 1

Ang araling ito ay naglalayong makapaglahad ng mga impormasyong may kinalaman sa pagkakabuo ng Pambansang Punong Rehiyon o *National Capital Region* (NCR). Gayundin ang makapagpamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kuwento ng pagkakabuo ng kinabibilangang rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang mga talata.**

Matutukoy ang kasaysayan sa pagkakabuo ng National Capital Region noon pa mang panahon na sakop pa tayo ng mga dayuhan. Una na rito ang mga dayuhang Espanyol na unang nanakop sa Pilipinas. Napag-alaman nila na may mayamang kaharian ang nasabandang hilaga ng Pilipinas at agad tinungo ito, itinatag nila ang lalawigan ng Maynila na sumasakop sa mga kaharian ng Tondo. Dumating ang panahon ng paglaya natin sa kamay ng mga Espanyol at hindi naglaon ay sinakop tayong muli ng ibang dayuhan.
Sa ilalim ng pananakop at pamamahala ng mga Amerikano sa bansa kasabay nito ang mga pagbabago sa mga lugar na sakop ng lalawigan ng Maynila. Inatasan nila ang isang arkitektong Amerikano na si *Daniel Burnham* na gumawa ng *Grand Plan of Manila* kung saan ang mga lugar na nasa ilalim ng lalawigan ng Maynila ay pinagsama-sama at tinawag na *City of Manila.*

Sa ilalim ng panunungkulan ng dating Pangulong Manuel Luis Quezon, itinatag niya ang *City of Greater Manila* noong 1939 na kinabibilangan ng Lungsod ng Maynila at Lungsod Quezon at ng mga munisipalidad ng Caloocan, Las Piñas, Marikina, Pasig, Parañaque, Malabon, Navotas, San Juan del Monte, San Pedro de Makati, Muntinlupa at Taguig- Pateros kung saan naitalagang unang alkalde nito ay si Jorge Vargas.

Sa panahon ng panunungkulan ni dating Pangulong Ferdinand E. Marcos, pormal na nilagdaan ang Atas ng Pangulo Bilang 824 noong Nobyembre 7, 1975 na nagdeklara sa Kalakhang Maynila (*Metro Manila*) bilang rehiyon. Naideklara naman bilang Pambansang Punong Rehiyon ng Pilipinas ang Kalakhang Maynila sa bisa ng Atas ng Pangulo Bilang1396, Seksyon 3 noong Hunyo 2, 1978.

Sa kasalukuyan, binubuo ang NCR ng labing- anim (16) na lungsod at isang munisipalidad.

| LUNGSOD | | | MUNISIPALIDAD |
|---|---|---|---|
| Caloocan | Maynila | Parañaque | Pateros |
| Las Piñas | Muntinlupa | Quezon | |
| Makati | Navotas | San Juan | |
| Malabon | Pasay | Taguig | |
| Mandaluyong | Pasig | Valenzuela | |
| Marikina | | | |

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang **T** sa patlang kung ang pahayag ay tama at **M** kung mali.

______1. Ang bawat rehiyon at mga nasasakupan nito ay may kani-kaniyang kuwento o kasaysayan ng pagkakabuo.

______2. Ang kalakhang Maynila ang idineklarang Pambansang Punong Rehiyon ng bansa.

______3. Naideklara ang pagkakabuo ng NCR sa panunungkulan ni dating Pangulong Corazon C. Aquino.

______4. Ang NCR ay binubuo ng iba't ibang lungsod at munisipalidad.

______5. Ang kasaysayan ng NCR ay nagsimula sa panahon ng pagsakop ng mga dayuhan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang *graphic organizer* punan angmga patlang ayon sa hinihingi.

| Mga lugar na kabilang sa City of Manila noong panahon ng Amerikano: | Mga lugar na kabilang sa kasalukuyang NCR: |
|---|---|
| 1. ____________________ | 1. ____________________ |
| 2. ____________________ | 2. ____________________ |
| 3. ____________________ | 3. ____________________ |
| 4. ____________________ | 4. ____________________ |
| 5. ____________________ | 5. ____________________ |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Paghambingin ang larawan ng Maynila noong panahon ng Espanyol at sa kasalukuyan. Ilarawan ito sa tatlong (3) pangungusap.

| Panahon ng Espanyol | Kasalukuyang Panahon | |
|---|---|---|
|  |  | |
| https://xiaochua.net/tag | https://en.wikipedia.org/wiki/Manila_Cathedral | |

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga sumusunod na lugar ay naging bahagi ng *"City of Manila"* noong panahon ng mga Amerikano, **MALIBAN** sa isa.

   A. Navotas  C. Quiapo
   B. Pasig  D. Tondo

2. Ito ang nagbigay daan sa pagdeklara ng Kalakhang Maynilabilang Pambansang Punong Rehiyon.

A. Atas ng Pangulo Blg. 824
B. Atas ng Pangulo Blg. 921
C. Atas ng Pangulo Blg. 1396
D. Atas ng Pangulo Blg. 1081

3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang TAMA?

A. Mayroong labimpitong lungsod ang National Capital Region.
B. Sa kasalukuyan binubuo ang NCR ng 16 na lungsod at 1munisipalidad.
C. Si Ferdinand Marcos ang pangulo sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.
D. Sa panunungkulan ni dating Pangulong Manuel Quezon na buo ang Metro Manila o Kalakhang Maynila.

4. Ito ang tawag sa kautusang nagmula at ipinatutupad mismo ng pangulo ng isang bansa sa kasalukuyang panahon.

A. Commonwealth Act
B. Ordinance
C. Presidential Decree
D. Republic Act

5. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa Maynila noong panahon ng Espanyol?

A. Ang mga kabataang Pilipino ay masiglang pumapasok sa mgapaaralan.
B. Ang Maynila ay naging sentro ng pamahalaan at pamilihan sa panahon ng mga Espanyol.
C. Ang pamahalaang lokal katulad ng lungsod ay pinamumunuan ng mga mayayamang Pilipino.
D. Ang mga mamamayan ay nagtatamasa ng pantay na karapatan sa kalakalan katulad ng mga Espanyol.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sagutin ang tanong sa ibaba sa pamamagitan ng pagbuo ng talata.

**Sa iyong palagay, bakit mahalagang malaman mo ang kasaysayan o kuwento ng iyong kinabibilangang rehiyon**?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

WEEK 2

I

# Mga Pagbabago at Nagpapatuloy sa Kinabibilangang Rehiyon

Aralin 2

Layunin ng araling ito na matukoy ang mga pagbabago at nagpapatuloy na nagaganap sa mga lungsod at bayan ng National Capital Region.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang talata.**

Ang mga pagbabagong naganap sa *National Capital Region*(NCR) ay matutukoy sa apat (4) na kategorya: pangalan, populasyon, kapaligiran, at transportasyon.

Matatandaan sa ating nakaraang aralin na ang pagkakabuo ng NCR aydumaan sa proseso. Kasabay nito ay ang pagkakaroon ng opisyal na pangalan na kinikilala sa kasalukuyan. Mula noong 1978 ay opisyal nang kinilala sa bansa ang katawagang Pambansang Punong Rehiyon o *NationalCapital Region*.

Ang **populasyon** ay tumutukoy sa bilang ng dami ng tao na naninirahan sa isang lugar sa isang takdang panahon. Sa paglipas ng panahon nagkaroonng pagbabago ng dami ng populasyon sa mga lungsod at bayan ng NCR. Kabilang na rin dito ang bilang ng mga taong lumipat mula sa mga lalawiganat napiling dito na manirahan sa NCR.
Tingnan ang datos sa talahanayan mula sa *Philippine Statistics Authority* (PSA).

| | 2005 | 2010 | 2015 |
|---|---|---|---|
| POPULASYON | 11, 547, 959 | 11, 855, 975 | 12, 877, 253 |

Sa pisikal na katangian at topograpiya ng NCR ay masasabing malaki ang ipinagbago nito. Patunay rito ay ang pagdami ng mga kabahayan at mga establisyemento sa mga lungsod at bayan gaya ng mga paaralan, opisina, pagawaan, pagamutan, at mga pamilihan *(malls)* na nagtataasan atnagpabago sa kapaligiran ng rehiyon.

Sa paglipas ng panahon naging moderno ang mga uri at paraan ng transportasyon sa rehiyon mula sa paggamit ng kalesa, at karitela hanggang sa nagkaroon ng mga Light Rail Transit (LRT), Metro Rail Transit(MRT) at iba pang sasakyang panlupa. Nagdulot ito ng positibo at negatibong epekto sa pamumuhay ng mga tao. Napadali nito ang paglipat ng mga produkto mula sa iba't ibang lugar sa NCR at lalawigan ng bansa. Napabilis at napagaan ang paglalakbay. Ngunit kasabay ng pag-unlad nito ay ang pagkakaroon ng mga suliranin, tulad ng polusyon sa hangin at pagbigat ng daloy ng trapiko.

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagbabago sa NCR at **MALI** kung hindi.

______1. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ay may direktang epekto sa pagbabago ng isang pook.

______2. Kinilala dati na Metro Manila ang rehiyong ito.

______3. Mas kaunti ang bilang ng populasyon dito sa kasalukuyan kung ikukumpara sa bilang noong mga nakalipas na panahon.

______4. Dumami ang mga establisyemento at gusali rito.

______5. Nagkaroon ng mga modernong sasakyan na nagpabago sa sistema ng transportasyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Punan ang talahanayan ng mga pagbabagong naganap sa NCR sa mga sumusunod na aspekto:

| ASPEKTO | PAGBABAGO |
|---|---|
| Pangalan | |
| Populasyon | |
| Kapaligiran | |
| Transportasyon | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sumulat ng mungkahing solusyon sa negatibong epekto ng mga pagbabagong naganap sa NCR.

Negatibong pagbabago:______________________________________

Mungkahing solusyon: ________________________________________

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Isulat ang letra ng aspekto ng pagbabago na tinutukoy sa bawat bilang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***A.*** *Pangalan* | ***B.*** *Populasyon* | ***C.*** *Kapaligiran* | ***D.*** *Transportasyon* |

______1. Pagkakaroon ng iba't ibang parke na nagiging pasyalan ng mga tao.

______2. Pagkakaroon ng paliparan sa NCR.

______3. Pagdami ng mga taong naninirahan sa ilalim ng tulay at sa mga tabi ng daan.

______4. Pagkilala sa National Capital Region na dating Metro Manila.


______5. Pagtaas ng bilang ng tao na naninirahan sa NCR.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Tumutukoy ito sa bilang o dami ng tao na naninirahan sa isang lugar.
   A. census B. mamamayan C. pamilya D. populasyon
2. Ang sumusunod ay mga negatibong epekto ng pagdami ng modernong sasakyan sa ating transportasyon **MALIBAN** sa ______
   A. pagsikip ng mga daanan at kalye.
   B. pagtaas ng polusyon sa hangin ng paligid.
   C. pagbilis sa sistema ng transportasyon sa NCR.
   D. paglala ng problema sa trapiko sa lansangan.

3. Ang PNR, LRT, at MRT ay halimbawa ng anong uri ng transportasyon?
   A. pandagat B. panlupa
   C. pangkalawakan D.panghimpapawid

Para sa bilang 4-5, suriin ang *bar graph*.



4. Aling lungsod ang may pinakamaliit na bilang ng populasyon?
A. Caloocan B. Lungsod Quezon C. Maynila D. Taguig

5. Aling lungsod ang may halos 3 milyong populasyon?
A. Caloocan B. Lungsod Quezon C. Maynila D. Taguig

## A

Rubrik sa Pagmamarka

| | |
|---|---|
| 5 Puntos | Naipaliwanag nang buong husay ang napiling pagbabago sa rehiyon sa loob ng 3 pangungusap |
| 4 Puntos | Naipaliwanag nang may katamtamang kahusayan ang napiling pagbabago sa rehiyon sa loob ng 2-3 pangungusap. |
| 3 Puntos | Di-gaanong naipaliwanag ang napiling pagbabago sa rehiyon. |
| 2 Puntos | Nangangailangan ng pagsasanay sa pagsulat ng pangungusap tungkol sa napiling pagbabago sa rehiyon. |
| 1 Puntos | Hindi angkop ang ginawang pagpapaliwanag sa napiling pagbabago sa rehiyon. |

WEEK 3

I

# Ang mga Kuwento ng mga Makasaysayang Pook at Pangyayari sa Aking Lungsod at Kinabibilangang Rehiyon

## Aralin 3

Sa araling ito ay maiuugnay ang kasalukuyang pamumuhay ng mga tao sa kuwento ng mga makasaysayang pook o pangyayaring nagpapakilala sa sariling lungsod at iba pang lungsod ng iyong kinabibilangang rehiyon. Gayundin, ang araling ito ang magiging gabay upang higit na makilala at mapahalagahan ang mga makasaysayang pook at pangyayari sa rehiyon ng NCR na iyong kinabibilangan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang mga talata.**

Ang pag-alam sa mga makasaysayang pook at pangyayari sa sariling lungsod at kinabibilangang rehiyon ay dapat matutuhan ng isang batang tulad mo. Ito ay upang mas higit na maunawaan mo ang mga pangyayaring nagbibigay daan sa mga nagaganap sa kasalukuyang pamumuhay ng mga tao.

Ang **Luneta Park o Rizal Park** *(Bagumbayan)* ay matatagpuan sa Lungsod ng Maynila. Ipinangalan sa ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal bilang pagkilala at paggunita sa kanyang kabayanihan.

Ang **Asilo de Huerfanos** ay may malaking ambag sa kasaysayan. Matatagpuan ito sa Lungsod ng Malabon. Dito nanirahan ang mga batang ulila noong 1882 nang magkaroon ng epidemya ng kolera atberiberi. Ang diyaryo ng rebolusyon na *"La Independencia o La Libertad"* ay nailimbag din sa gusaling ito.

Ang **Kapitan Moy** sa Marikina na mahigit nang 200 taong bahay ni Don Laureano Guevara ay kabilang sa makasaysayang pook sa rehiyong NCR. Dito nagsimula ang industriya ng sapatos sa Marikina. Ito ay naging pampublikong paaralan ngunit sa kasalukuyan ay Sentrong Pangkulturang Marikina o *City's Cultural Center*.

Ang **Parola** na makikita sa Napindan, Taguig ang naging tagpuan ng mga katipunero. Dito naganap ang maraming lihim na pagpupulong upang paghandaan ang paglaban sa mga Espanyol sa panahon ng rebolusyon o himagsikan.

Ang kaganapang **Sigaw sa Pugad Lawin** ay isang makasaysay ang pangyayari na naging hudyat ng pagsisimula ng paglaban ng magigiting na Pilipino sa mga mananakop na Espanyol. Ang sabay-sabay na pagsigaw ng "Mabuhay ang Pilipinas! Mabuhay ang Katipunan!" kasabay ng pagpunit ng mga sedula ng mga Katipunero ay naganap noong Agosto 23, 1896 sa Lungsod Quezon.

Ang **San Felipe Neri Church** na pinakamatandang simbahan sa Lungsod ng Mandaluyong ay naging makasaysayan dahil dito naganap ang isa sa mga labanan ng mga rebolusyonaryong Pilipino at Espanyol sa panahon ng pananakop.

Sa mga natutuhang kuwento ng makasaysayang pook at pangyayaring naganap sa mga lungsod o bayan ng NCR, mas lubos nating makikilala ang ating rehiyon. Ang pagpapahalaga sa mga ito aymakatutulong sa pag-unlad ng ating bansa.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Lagyan ng tsek **(/)** kung ikaw aysumasang-ayon sa pahayag at ekis **(x)** naman kung hindi kasumasang-ayon.

______1. Sa Lungsod Quezon naganap ang Sigaw sa Pugad Lawin na naging simula ng himagsikan laban sa mga Espanyol noong Agosto 23,1896.

______2. Ang Kapitan Moy sa Marikina ay nagsilbing tahanan ng mga batang ulila noong panahon ng epidemya ng kolera at beriberinoong 1882.

______3. Ang Asilo de Huerfanos ay matatagpuan sa Lungsod ng Maynila.

______4. Ang San Felipe Neri Church sa Mandaluyong ay makasaysayan dahil sa mga naganap na sagupaan sa pagitan ng mgarebolusyonaryong Pilipino at Espanyol sa lugar na ito.

______5.Mahalaga ang pag-aaral sa makasaysayang pook at pangyayari upang maunawaan ang nagaganap sa kasalukuyang pamumuhay.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang bawat tanong sa pamamagitan ng interbiyu sa nakatatandang miyembro ng iyong pamilya.

1. Sa iyong palagay, ano-ano ang paraang ginagawa ng inyong lokal na pamahalaan upang mapanatiling maayos ang kalagayan ng inyong makasaysayang pook?

2. Bakit dapat pahalagahan ang mga makasaysayang pook at pangyayari sa ating lungsod o kinabibilangang rehiyon?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Saang lugar sa NCR naganap ang Sigaw sa Pugad Lawin?
   A. Lungsod Quezon
   B. Maynila
   C. Navotas
   D. Taguig

2. Anong makasaysayang gusali ang naging tahanan ng mga batang ulila sa panahon ng epidemya ng kolera at beriberi noong1882?
   A. Asilo Politico
   B. Asilo de Huerfanos
   C. Asilo De La Milagrosa
   D. Asilo De San Vicente de Paul

3. Saang lugar sa NCR matatagpuan ang mahigit na 200 taong bahay na kilala sa tawag na Kapitan Moy?

A. Malabon  B. Mandaluyong  C. Marikina  D. Maynila

4. Saan sa Lungsod ng Taguig nangyari ang mga sikretong pagpupulong ng mga rebolusyonaryong Pilipino upang paghandaan ang paglaban sa mga mananakop na Espanyol?
   A. Ibayo-Tipas
   B. Ligid-Tipas
   C. Napindan
   D. Sta. Ana

5. Dapat ipakita ang pagpapahalaga sa mga makasaysayang pook at pangyayari sa sariling lungsod at kinabibilangang rehiyon sapagkat ________
   A. pinagkakakitaan ito ng mga tao.
   B. dekorasyon ito ng bawat lungsod.
   C. pook pasyalan ito ng mga dayuhan o banyaga.
   D. pamana ito para sa mga susunod pang henerasyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sumulat ng talata.

Magbigay ng dalawa hanggang tatlong (2-3) pangyayaring naganap sa makasaysayang pook sa inyong lungsod o munisipalidad.

Rubrik sa Pagmamarka

| | |
|---|---|
| 3 Puntos | Nagpakita ng kabuuang pag-unawa sa kaisipan ng paksa. |
| 2 Puntos | Nagpakita ng katamtamang pag-unawa sa kaisipan ng paksa |
| 1 Puntos | May kakulangan sa pag-unawa sa kaisipan ng paksa. |

WEEK 4

I

# Kahulugan ng Ilang Simbolo at Sagisag ng Sariling Lungsod at Rehiyon

Aralin 4

Ang bawat lungsod at bayan sa ating Pambansang Punong Rehiyon ay mayroong natatanging simbolo at sagisag na nagpapakilala rito. Ang araling ito ay naglalayon na matukoy at mailarawan ang kahulugan ng ilang simbolo at sagisag na nagpapakilala sa ating rehiyon. Mahalagang maunawaan mo ang taglay na katangian ng bawat simbolo o sagisag ng mga ito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Panuto:** Tingnan mabuti ang larawan ng ilang simbolo at sagisag ng iba't ibang lungsod at bayan sa sariling rehiyon. Basahin at unawain ang kahulugan ng mga ito.

**Sagisag ng Lungsod Quezon**




- Tatsulok ang hugis ng simbolo. May *pylons* o mga poste, (tatlong bituin) na kumakatawan sa tatlong pulo.
- May monumento na kilala sa tawag na *Quezon Memorial Circle* at may kulay ng ating bandila (pula, asul, dilaw).
- Gabel o malyete (maliit na maso) na simbolo ng katarungan. Ilawan na kulay pilak na sumasagisag sa karunungan at pag-unlad ng edukasyon ng lungsod.

**Sagisag ng Lungsod ng Maynila**




- Kalasag na sumasagisag sa kasaysayan ng bansa bago dumating ang mga Espanyol.
- Kalahating leon at kalahating dolphin, sagisag sa katatagan ng Pilipinas. Mga alon na kumakatawan sa Ilog Pasig at Look ng Maynila.
- Mga kulay ng bandila ng Pilipinas at may *Pearl of the Orient* (Perlas ng Silangan).

**Sagisag ng Lungsod ng Makati**




- 1995 - taon na naging lungsod ang Makati.
- Mga alon na sagisag ng Ilog Pasig. May kulay dilaw na sagisag ng kaunlaran at kulay luntian naman sagisag ng pagpapahalaga sa buhay.
- 33 sinag sa likod ng *skyscraper/mataas na gusali* na kumakatawan sa mga barangay ng Makati.
- Simbahan ng Guadalupe.

**Sagisag ng Lungsod ng Marikina**




- 1630 ay taon ng pagkakatatag ng lungsod bilang isang bayan. 1996 ay nilagdaan at pinagtibay ang charter ng lungsod.
- Dalawang bundok na kumakatawan sa bulubundukin ng Sierra Madre at Cordillera na nakapaligid sa lungsod at nadaraanan ng Ilog Marikina.
- Sumisikat na araw sa silangang lokasyon ng lungsod na ang bawat sinag ay kumakatawan sa 16 na barangay.
- Kambiyo ng makina (gear) ay kumakatawan sa mga industriya at pagawaan ng sapatos. Sulo na sumasagisag sa matayog at dakilang layunin tungo sa maayos na pamumuhay.
- Kawayan at gulong na nagpapakita ng mapagpakumbaba at matibay na pag-uugali.
- Mga dahon at sanga na simbolo ng kaayusan at kapayapaan.

**Sagisag ng Lungsod ng Mandaluyong**




- 27 bituin na kumakatawan sa 27 barangay ng lungsod. Ang araw na simbolo sa panimula.
- Laurel (dahon) na sagisag ng pamumuno at katalinuhan. Ang kalapati sa kalayaan at kapayapaan.
- Pakikibaka sa EDSA at kasaysayan ng kalayaan.
- Gusali na sagisag ng pag-unlad at paglilinang.

**Sagisag ng Lungsod ng Malabon**




- Araw na simbolo ng pag-asa at walang hanggang biyaya.
- Mangingisda at bangka na kumakatawan sa karagatan at pangisdaan ang pangunahing industriya.
- Bahay pagawaan o pabrika ay sumasagisag sa pamayanang industriyal.
- 21 bituin na kumakatawan sa 21 barangay
- Simbahan na ugat ng kagandahang-asal at moral ng ninuno sa kasaysayan.




**Sagisag ng Lungsod ng San Juan**

- Diwa ng 1896 ay patunay na saksi ng Digmaang Pilipino at Espanyol upang makamit ang kalayaan.
- 2 kabataang lalaki na magkabilang yapos ng Inang Filipina na sumasagisag sa taas noong pagiging handa ng bayan sa pakikipagdigma.

Ilan lamang iyan sa mga halimbawa ng mga sagisag at simbolo ng mga lungsod sa ating rehiyon. Maaaring magsaliksik ng iba pang simbolo na magbibigay ng impormasyon dito.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Patunayan Natin**

**Panuto:** Basahing mabuti ang pangungusap. Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag at **Mali** kung hindi.

_____1. May sagisag ang bawat lungsod at bayan.
_____2. Naiiba ang hugis ng sagisag ng Lungsod Quezon.
_____3. Nakasulat sa sagisag ang pangalan ng lungsod at bayan.
_____4. Magkakatulad ang sagisag o simbolo ng mga lungsod at bayan sa NCR.
_____5. Ang 33 sinag sa likod ng *skyscraper* ay kumakatawan sa mga barangay ng Makati.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Punuin Natin**

**Panuto:** Isulat ang tinutukoy na sagisag o simbolo sa talahanayan. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

| Lungsod | Sagisag | Kahulugan/Katangian |
|---|---|---|
| 1. San Juan | __________ | Saksi ng Digmaang Pilipino at Espanyol upang makamit ang kalayaan. |
| 2. Mandaluyong | __________ | Sumasagisag sa kalayaan at kapayapaan |
| 3. Malabon | __________ | Simbolo ng pag-asa at walang patid na biyaya |
| 4. Maynila | __________ | Sumisimbolo sa kasaysayan ng bansa bago dumating ang Espanyol |
| 5. Quezon | | Sagisag ng katarungan |

| | | |
|---|---|---|
| Kalasag | Araw | Kalapati |
| Malyete o gabel | Diwa ng 1896 | Bituin |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Subukan Natin**

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

_____1. Aling lungsod ang may simbolo ng Diwa ng 1896?
A. Makati B. Malabon C. Pasig D. San Juan

_____2. Aling lungsod ang may simbolo ng dalawampu't pitong (27) bituin na kumakatawan sa mga barangay nito?
A. Mandaluyong B. Marikina C. Maynila D. Pasig

_____3. Anong lungsod sa NCR ang may simbolo ng kalasag?
A. Caloocan B. Marikina C. Maynila D. Pasig

_____4. Aling sagisag ang kumakatawan sa mga industriya at pagawaan ng sapatos sa Lungsod ng Marikina?
A. araw C. kawayan
B. dahon D. kambiyo ng makina o gear

_____5. Bakit mahalaga ang simbolo sa isang lungsod at bayan?
Dahil ito ay simbolo ng__________.
A. pagkakaisa C. pagkakaibigan
B. pagkakakilanlan D. pagtutulungan

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Iguhit Natin**

**Panuto:** Iguhit ang simbolo at sagisag ng iyong sariling lungsod o bayan. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolo at kung paano mo ito pahahalagahan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

**Rubrik sa Pagguhit at Pagpapahalaga**

| Mga Pamantayan | Lubos na Mahusay (5) | Higit na Mahusay (4) | Mahusay (3) |
|---|---|---|---|
| **Kaayusan at Pagkamalikhain** | Lubos na maayos at kaakit-akit ang pagkakaguhit ng bawat sagisag. | Higit na maayos at kaakit-akit ang pagkakaguhit ng bawat sagisag. | Maayos at kaakit-akit na naiguhit ang bawat sagisag. |
| **Paglalahad at Kalinawan** | Lubos na malinaw at nakakahikayat ang isinulat. | Higit na malinaw at nakakahikayat ang isinulat. | Malinaw na nailahad at nakakahikayat ang isinulat. |

WEEK 5

I

# Paghahambing ng Ilang Simbolo at Sagisag na Nagpapakilala ng Iba't ibang Lungsod o Bayan sa Sariling Rehiyon

Aralin 5

Ang simbolo at sagisag ng bawat lungsod o bayan sa Pambansang Punong Rehiyon ay naglalarawan sa katangian, kultura at kasaysayan nito. Ito ay may mga pagkakatulad at pagkakaiba. Ang araling ito ay naglalayon na matulungan ka na makapagsuri at makapaghambing ng pagkakaiba at pagkakatulad ng ilang simbolo at sagisag na nagpapakilala sa iba't ibang lungsod o bayan sa sariling rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang pagkakaiba at pagkakapareho ng ilang simbolo at sagisag ng mga lungsod at bayan sa sariling rehiyon







**Pagkakapareho**

- May mga bituin at pangalan ng ating bansa
- May kulay pula, asul, dilaw - kulay ng ating bandila

**Pagkakaiba**

- May tatsulok at bilog ang hugis ng simbolo
- May Monumento ng Pangulong Manuel L. Quezon at lugar din na Quezon Memorial Circle. May ilawan na kulay pilak
- Gabel o malyete (maliit na maso)
- May kalasag, Pearl of the Orient at mga alon
- Kalahating leon at kalahating dolphin







**Pagkakapareho**

- May taon na nakasulat tulad ng 1995, 1630 at 1996
- May kulay dilaw na sumisimbolo sa kaunlaran at kulay luntian sa pagpapahalaga sa buhay ng mga tao
- May sinag o sumisikat na araw na kumakatawan sa mga barangay

**Pagkakaiba**

- May dalawang bundok, gear o gulong, sulo, kawayan, mga dahon at sanga
- Simbahan at mga alon





**Pagkakapareho**

- May araw na simbolo ng pag-asa, walang patid na biyaya at panimula
- Mga bituin na sumasagisag sa mga barangay

**Pagkakaiba**

- May laurel (dahon), pakikibaka, gusali at kalapati
- May mangingisda at bangka, bahay pagawaan o pabrika at simbahan





**Pagkakapareho**

- May makikitang babae
- May nakasulat na taon tulad ng 1896 at 1573

**Pagkakaiba**

- May 2 kabataang lalaki na magkabilang yapos ng Inang Filipina
- May anyong-tubig sa gilid ng babae
- Simbahan ng Immaculate Concepcion Cathedral at pagawaan sa kanang bahagi

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Talahanayan**

**Panuto:** Punan ang talahanayan ng 2 pagkakapareho at pagkakaiba ng mga Lungsod Quezon at Maynila.

| Lungsod Quezon (Pagkakaiba) | (Pagkakapareho) | Lungsod ng Maynila (Pagkakaiba) |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Album ng mga Sagisag**

**Panuto:** Gumupit o gumuhit ng 5 larawan ng sagisag sa Pambansang Punong Rehiyon kabilang ang iyong lungsod o bayan. Magbigay ng 1-2 pangungusap na maglalarawan sa bawat sagisag. Ilagay ito sa malinis na papel.

**Rubrik sa Paggawa at Paglalarawan**

| Mga Pamantayan | Lubos na Mahusay (5) | Higit na Mahusay (4) | Mahusay (3) |
|---|---|---|---|
| **Kaayusan at Pagkamalikhain** | Lubos na maayos at kaakit-akit ang pagkakagawang bawatsagisag. | Higit na maayos at kaakit-akit ang pagkakagawang bawatsagisag. | Maayos at kaakit-akit na nagawa ang bawatsagisag. |
| **Paglalahad at Kalinawan** | Lubos na malinaw at wastoang paglalarawan sa mgasagisag. | Higit na malinaw at wastoang paglalarawan sa mgasagisag. | Malinaw at wastong nailahadang paglalarawanan sa mgasagisag. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Suriin Mo**

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Lagyan ng tsek (/) ang kahon ng tamang sagot.

1. Anong lungsod ang may sagisag na maraming bituin?
   ☐ **Makati** ☐ **Malabon**
2. Anong lungsod ang may simbolo ng isang babae?
   ☐ **Lungsod Quezon** ☐ **Pasig**
3. Anong lungsod ang may simbolo ng dalawang larawan ng bundok?
   ☐ **Makati** ☐ **Marikina**
4. Anong lungsod ang may dahon o laurel bilang sagisag?
   ☐ **Mandaluyong** ☐ **Lungsod Quezon**
5. Anong lungsod ang may simbolo o sagisag ng kalahating leon at kalahating dolphin?
   ☐ **Maynila** ☐ **San Juan**

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Paghambingin Natin**

**Panuto:** Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat ito sa patlang upang mabuo ang paghahambing.

1. Lungsod ng Pasig: Mutya ng Pasig
   Lungsod ng San Juan: __________
2. Lungsod ng Marikina: gear o gulong
   Lungsod ng Malabon: __________
3. Lungsod ng Makati: taong 1995
   Lungsod ng Marikina:__________
4. Lungsod Quezon: ilawan na kulay pilak
   Lungsod ng Mandaluyong: _______________
5. Lungsod ng Maynila: Look ng Maynila
   Lungsod ng Pasig: ______________________

| | |
|---|---|
| A. 1630 | D. mangingisda at bangka |
| B. Ilog Pasig | E. dalawang kabataang lalaki |
| C. Laurel (dahon) | F. magsasaka at palayan |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Repleksyon**
**Panuto:** Lagyan ng tsek **(/)** ang iyong sagot.

| Magagawa mo ba ang mga kasanayang ito? | **Oo** | **Hindi** |
|---|---|---|
| 1. Naipahahayag ko ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga simbolo at sagisag ng sariling lungsod o bayan at mga karatig nito sa sariling rehiyon. | | |
| 2. Nasusuri ko ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga simbolo at sagisag ng sariling lungsod o bayan at mga karatig (kalapit) nito sa sariling rehiyon. | | |
| 3. Naihahambing ko ang ilang simbolo at sagisag na nagpapakilala sa sariling lungsod o bayan sa mga karatig nito sa sariling rehiyon. | | |
| 4. Naipagmamalaki ko ang kahalagahan at katangian ng mga simbolo at sagisag ng aking sariling lungsod o bayan at rehiyon. | | |
| 5. Nagagalak akong ibahagi ang kahalagahan at katangian ng mga simbolo at sagisag ng aking sariling lungsod o bayan at rehiyon. | | |

WEEK 6

I

# Ang Kahulugan ng Opisyal na Himno at iba pang Sining na Nagpapakilala sa Rehiyong NCR

Aralin 6

Ang araling ito ay makatutulong upang malaman at mapahalagahan ang kahulugan ng opisyal na himno at ilang sining na nagpapakilala sa mga lungsod ng rehiyong NCR.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang mga talata.**

Ang mga sagisag at simbolo ay nagpapakilala sa isang lungsod o bayan at rehiyon. Bukod dito, mayroon din namang mga opisyal na himno at mga sining na magpapakilala rin sa mga ito. Naisulat ang opisyal na himno ng lungsod o bayan at rehiyon upang maisabuhay ang damdaming makabayan na bahagi ng pag-unlad. Inaawit ang opisyal na himno sa bawat paaralan, sa lungsod o rehiyon tuwing may mahahalagang selebrasyon.

Narito ang sipi ng himno ng ating rehiyon. Pag-aralan mo ang mensaheng nilalaman nito.

**Himno ng NCR**

Liriko: Servillano Padiz
Musika: Luzonia Bayot

I

Bayang mahal nating lahat
tampok ng NCR
pusod nitong ating bansa
dulot kaunlaran

II

Taas noong iwagayway
ang bandila ng NCR
karunungan at katarungan
sa bansa ay itanghal

III

Mga lungsod ng NCR
sa puso ko'y dangal
ang adhikain isulong ta
ang tanging NCR

Chorus:
NCR, NCR dangal nitong bayan
NCR, NCR dangal nitong bayan
Ulitin ang III
Ulitin ang Chorus

*Pinagkunan: Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng mag-aaral National Capital Region ph. 258*

Tulad ng ibang rehiyon, ang NCR ay dangal ng ating bansa na naghahangad ang mga mamamayan ng pag-unlad. Makakamit ito sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa karunungan at katarungan.

**Ilang sining na nagpapakilala sa Rehiyong NCR**

Narito ang ilan sa mga sining na nagpapakilala sa isang lungsod o bayan ng Rehiyong NCR.

- **Bantayog ni Andres Bonifacio sa Lungsod ng Caloocan-** Ang iskulturang ito ay pag-alala sa kabayanihang kanyang ginampanan bilang pangulo ng Kataastaasan, Kagalanggalangan Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK).
- **Bamboo Organ sa Lungsod ng Las Piñas-** Ito ay instrumentong pangmusika na gawa ng misyonaryong Espanyol na si Padre Diego Cera. Binubuo ito ng 1,031 na tubo kung saan ang 902 ay yari sa kawayan at ang iba ay sa metal.
- **Museo ng Makati-** Dito makikita ang mga *artifact* na may kaugnayan sa mga yaman at alaala ng komunidad nito.
- **Tabak Festival sa Malabon-** Ipinagdiriwang ito bilang pag-alala kay San Bartolome na patron ng kanilang lungsod.
- **Simbahan ng San Felipe Neri sa Lungsod ng Mandaluyong-** Nangyari dito ang mga labanan sa pagitan ng rebolusyonaryong Pilipino at Espanyol.
- **Sayaw na Lerion sa Lungsod ng Marikina-** Ito ay tanda ng pagsasama-sama o pagsasalo-salo ng mga naninirahan dito pagkatapos ng kanilang pag- ani.
- **Unibersidad ng Sto. Tomas (UST) sa Lungsod ng Maynila-** Ito ang sinasabing pinakamatandang pamantasan sa Asya na naitatag noong taong 1611.
- **Valse de Muntilupa sa Lungsod ng Muntinlupa-** Kilala sa sayaw at awit na sumasalamin sa pag-unlad ng lungsod.
- **Film Festival sa Lungsod ng Navotas-** Humahasa sa talento sa pag-arte ng mga Navoteño.
- **Lambat Festival sa Lungsod ng Parañaque-** Nagpapakita ng pangunahing kabuhayan ng mga naninirahan dito.
- **GSIS Museo ng Sining sa Lungsod ng Pasay-** Makikita rito ang iba't ibang obra ng mga alagad ng sining.
- **Tanghalang Pasigueño sa Lungsod ng Pasig-** Nagaganap dito ang iba't ibang uri ng mga pagtatanghal sa teatro, sining at mga pagdiriwang ng pamahalaang Lokal ng Pasig.
- **Monumento ng Dulong Bayan sa Pateros-** Iskulturang tanda ng katapangan ng mga mamamayan ng Pateros laban sa mga Espanyol. Ipinagdiriwang ito tuwing ika- 29 ng Agosto bilang pag-alala sa Himagsikang Pilipino taong 1896.

- **Oblation o Pahinungod sa Unibersidad ng Pilipinas sa Lungsod Quezon-** Likha ni Guillermo Tolentino, pambansang alagad ng sining.
- **Dambana ng Pinaglabanan o Pinaglabanan Shrine sa Lungsod ng San Juan-** Alaala ng unang sagupaan ng mga katipunero laban sa mga Espanyol.
- **"The Trees" sa Burgos Circle Fort Bonifacio Global City, Taguig-** Likhang sining ni Reynato Paz Contreras na may tema ng pagpapahalaga sa kalikasan.
- **Bahay ni Dr. Pio Valenzuela sa Lungsod ng Valenzuela**- Dito matatagpuan ang orihinal na bahay na bato ng katipunerong si Dr. Pio Valenzuela kung saan siya binawian ng buhay.

Nararapat na mahalin, pahalagahan at ipagmalaki ang opisyal na himno at mga sining na nagpapakilala sa lungsod o bayan at rehiyon.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Punan ang bawat patlang ng salita batay sa liriko ng Himno ng NCR.

Bayang mahal nating lahat
tampok ng 1.) ____________
pusod nitong ating bansa dulot
2.) ___________________

Taas noong iwagayway
ang 3.)__________ng NCR
karunungan at 4.) _______________
sa bansa ay itanghal

Mga lungsod ng NCRsa
puso ko'y dangal
ang 5.)_________isulong ta
ang tanging NCR

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pagtapatin ang Hanay A sa Hanay B na lugar na kanilang kinaroroonan at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ______1. Dambana ng Pinaglabanan | A. Lungsod ng Malabon |
| ______ 2. GSIS Museo ng Sining | B. Lungsod ng Maynila |
| ______ 3. Tabak Festival | C. Lungsod ng Pasay |
| ______ 4. The Trees | D. Lungsod ng Pasig |
| ______5. Unibersidad ng Sto. Tomas | E. Lungsod ng San Juan |
| | F. Lungsod ng Taguig |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod.

1. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga sining na nagpapakilala sa lungsod at kinabibilangang rehiyon?

Rubrik sa Pagmamarka

| | |
|---|---|
| 3 puntos | Nakapagbigay ng tatlong (3) pangungusap tungkol sa pagpapahalaga sa mga sining. |
| 2 puntos | Nagkapagbigay ng isa hanggang dalawang (1-2) pangungusap tungkol sa pagpapahalaga sa mga sining. |
| 1 puntos | Hindi nakapagpakita ng pagpapahalaga sa mga sining ang ginawang pangungusap. |

2. Sa tulong ng miyembro ng iyong pamilya, magsaliksik ng iba pang sining sa inyong lungsod. Ilarawan ito sa loob ng 2-3 pangungusap

Rubrik sa Pagmamarka

| | |
|---|---|
| 3 puntos | Nailarawan nang buong husay ang napiling sining sa loob ng 2-3 pangungusap. |
| 2 puntos | Nailarawan nang may katamtamang kahusayan ang napiling sining sa loob ng 1-2 pangungusap. |
| 1 puntos | Hindi angkop ang paglalarawan sa napiling sining. |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Isaayos ang mga jumbled na letra upang mabuo ang tamang sagot.

1. Ang opisyal na **ONMHI** ng rehiyon ay inaawit ng mga mamamayan upang gisingin ang makabayang damdamin._______
2. Ang lirikong *"nitong ating bansa dulot kaunlaran"*, ay makikita sa opisyal na Himno ng **RCN**. __________
3. Sa Lungsod ng **SAL SAPIÑ** makikita ang Bamboo Organ.___________.
4. Ang San Felipe Neri Church ay matatagpuan sa Lungsod ng **DAMANYONGLU**. ___________
5. Ang Monumento sa Dulong Bayan ay matatagpuan sa **SORETAP**. ____________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung naglalarawan ng pagkamakabayan at malungkot ☹ na mukha kung hindi.

_______1. Inaawit nang may pagmamalaki ang Himno ng NCR.

______2. Pinagtatawanan ang mga sining na nagpapakilala sa katangian ng sariling lungsod o rehiyon.

______3. Inaalam ang kahulugan ng mensahe ng ating awiting panrehiyon.

_______4. Ipinapakita ang pagmamahal at pagpaparangal sa mga pagkakakilanlan ng sariling lungsod at rehiyon.

______5. Ikinahihiya ang mga karangalang natatanggap ng sariling lungsod

Week 7

I

# Mga Naiambag ng mga Kinikilalang Bayani at mga Mamamayan ng Aking Sariling Lungsod at Kinabibilangang Rehiyon

Aralin 7


Ang NCR ay tahanan ng ilan sa mga kilalang mga Pilipino na nagbigay daan upang maging tanyag ang ating bansa. Sa araling ito ay inaasahang lubos mo pang makikilala ang iyong sariling lungsod at rehiyon sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga kinikilalang bayani at mamamayan nito na nagpamalas ng mga katangi-tanging mga gawain at adhikain na nagbigay karangalan dito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang mga talata.**

Ang pagkilala sa mga bayani at mamamayan ng sariling lungsod at rehiyon ay isang kasanayan na mahalagang matutunan mo bilang isang mag-aaral. Hindi lamang upang malaman ang kanilang mga naging ambag na makatutulong upang mapahalagahan ang iyong pagiging isang malayang Pilipino. Halika at balikan natin ang mahahalagang kuwento ng ating mga bayani at mga kilalang mamamayan.



**ANDRES BONIFACIO**
- Isinilang sa Tondo, Maynila noong ika-30 ng Nobyembre, 1863 at kilala bilang "Supremo ng Katipunan" na naghimagsik laban sa mga mananakop na Espanyol.

| | |
|---|---|
|  | **GREGORIA DE JESUS-** Ang tinaguriang "Lakambini ng Katipunan" at kilala sa tawag na "Oriang" na maybahay ni Andres Bonifacio. Siya ay naging tagapag-ingat ng mahahalagang kasulatan ng Katipunan. |
|  | **PIO DEL PILAR-** Siya ay isa sa magigiting na Heneral ng Himagsikang Pilipino. Ipinanganak sa Culi-Culi, Makati noong ika- 11 ng Hulyo,1865. Itinatag niya ang sariling balangay ng Katipunan na kilala sa katawagang"Matagumpay". Pinangunahan niya ang **Labanan sa Binakayan** sa Kawit, Cavite noong 1896 na naging dahilan ng paglaya ng nasabing bayan mula sa pananakop ng mga Espanyol. |
|  | **EPIFANIO DELOS SANTOS-**Isa sa mga magigiting na kasaping Katipunan na nagmula sa Lungsodng Malabon. Isinilang noong ika-7ng Abril, 1871. Siya ay manananggol, mamamahayag, mananalaysay, musikero,pintor, kritiko, manunulat pilosopo at kolektor ng mga "antique" |

| | |
|---|---|
|  | **HENERAL VICENTE "KALENTONG" LEYBA-** Taong 1874 nang isinilang sa Lungsod ng Mandaluyong si Heneral Vicente Leyba. Isa sa mga matapang at tapat na kasapi ng samahang Katipunan na lumaban upang makamit ang kalayaan ng bansa mula sa mga mananakop. |

| | |
|---|---|
|  | **KAPITAN MANUEL COLAYCO-** Isinilang sa Lungsod ng Pasay noong ika-29 ng Mayo, 1906. Siya ay manunulat at isang dating sundalong Pilipino na naging pinuno ng mga gerilyang lumaban noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kasama niya ang mga Amerikano sa Labanan ng pagpapalaya sa Maynila noong 1945. |

Ang mga bayani at mga kilalang personalidad o mamamayan ng ating rehiyon ay naglaan ng kanilang oras at panahon. Maging ang iba ay naglaan ng sariling buhay para sa kabutihan ng Pilipino. Ang pagiging bayani at mamamayan ay may kaakibat na responsibilidad sa bayan.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Isulat sa patlang kung ito ay TAMA o MALI.**

_____1. May kilalang bayani at mamamayan ang mga lungsod sa ating rehiyon.
_____2. Si Pio del Pilar ay nagtatag ng sariling balangay ng Katipunan.
_____3. Maituturing na bayani ang isang mamamayan kung siya ay nagbuwis ng kanyang buhay para sa bayan.
_____4. Si Gregoria de Jesus ang naging tagapag-ingat ng kasulatan ng Katipunan.
_____5. Dapat tayong makiisa sa mga gawaing nagpapakita ng paggunita sa kadakilaan ng mga bayani.

## E

**Gawain sa Pagkatuto 3: Hanap Salita**
**Panuto:** Hanapin at bilugan ang 5 pangalan ng mga kinikilalang bayani sa rehiyon na makikita sa kahon.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | V | W | C | Y | E | N | P | K | D |
| I | A | D | O | A | O | E | A | E | E |
| C | D | E | L | P | I | L | A | R | J |
| A | E | A | A | A | H | E | M | W | E |
| F | I | O | Y | H | G | Y | I | I | S |
| I | B | L | C | K | U | B | N | N | U |
| N | N | P | O | B | E | A | I | G | S |
| O | L | A | W | M | M | T | A | A | J |
| B | G | S | A | C | E | A | N | B | A |
| C | S | R | F | A | N | N | O | Z | N |

| BONIFACIO | COLAYCO | DE JESUS | DEL PILAR | LEYBA |
|---|---|---|---|---|

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.**

1. Siya ang itinuturing na "Supremo ng Katipunan".
   A. Leandro Alejandro
   B. Andres Bonifacio
   C. Emilio Jacinto
   D. Heneral Antonio Luna

2. Tinaguriang "Heneral Kalentong"
   A. Elias Angeles  C. Vicente Leyba
   B. Andres Bonifacio  D. Pio Valenzuela
3. Sino ang tinaguriang "Lakambini ng Katipunan" at kilala rinsa tawag na "Oriang"?
   A. Aurora Quezon  C. Gregoria de Jesus
   B. Gabriela Silang  D. Melchora Aquno
4. Ano ang tawag sa sariling balangay ng Katipunan na itinatag niPio del Pilar?
   A. "Matikas"  C. "Maaasahan"
   B. "Matipuno"  D. "Matagumpay"
5. Bakit dapat ipakita ang pagpapahalaga sa mga bayani at mga kilalang mamamayan sa sariling lungsod? Sapagkat sila ay ___________________________
   A. nagsakripisyo para sa sariling bayan lamang
   B. may naiambag sa larangan ng sining at agham.
   C. mahalagang kasapi ng sariling lungsod at rehiyon na kinabibilangan.
   D. nakipaglaban sa iba't ibang paraan upang matamo ang kalayaan ng bansa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:**
Ipakita mo ang iyong pagpapahalaga sa mga bayani mula sa iyong sariling lungsod at rehiyon sa pamamagitan ng malikhaing paraan tuladng pagbuo ng collage. Gawing batayan ang mga sumusunod na rubrik sa pagbuo ng gawain.

## Rubrik sa Paggawa ng Collage
Paksa: Pagpapahalaga sa mga Bayani Mula sa Sariling Lungsod at Rehiyon

| Pamantayan | 3 Puntos | 2 Puntos | 1 Puntos |
|---|---|---|---|
| Presentasyon /Pagkamalikhain | Malinis,maayos at nagbigay ng 3 o higit pang impormasyon na madaling maunawaan | Malinis, maayos at nagbigay ng 2 impormasyon lamang na madaling maunawaan | Di- gaanong malinis,maayos at nagbigay lamang ng 1 impormasyon na madaling maunawaan |
| Nilalaman | Nagpakita ng 3 larawan na may kaugnayan sa paksa | Nagpakita ng 2 larawan na may kaugnayan sa paksa | Nagpakita ng 1 larawan na may kaugnayan sa paksa |

## Rubrik sa Pagguhit
Paksa: Pagpapahalaga sa mga Bayani Mula sa Sariling Lungsod at Rehiyon

| Pamantayan | 3 Puntos | 2 Puntos | 1 Puntos |
|---|---|---|---|
| Kaanyuan ng Iginuhit | Malinis,maayos at kaakit-akit ang pagguhit | Malinis at maayos ngunit hindi gaanong kaakit-akit ang pagguhit | Maraming bura at di-maayos ang pagguhit |
| Kaisipan tungkol sa Paksa | Naipahayag ng wasto ang 3 kaisipan na may kaugnayan sa paksa | Naipahayag ng wasto ang 2 kaisipan na may kaugnayan sa paksa | Naipahayag ng wasto ang 1 kaisipan na may kaugnayan sa paksa. |

Week

8

I

# Ang mga Katangi-tanging Lungsod o Bayan sa Sariling Rehiyon

Aralin 8

Mula sa mga nakaraang talakayan ay lubos mong nakilala ang iyongs ariling lungsod at kinabibilangang rehiyon. Tinalakay ang maraming bagay tulad ng pinagmulan ng pangalan nito, pagkakabuo nito ayon sa batas, mga katangiang pisikal, mahahalaga at mga makasaysayang pook, ang mga simbolo na kumakatawan dito at maging ang bayani at mga kinikilalang mga mamamayan nito. Sa araling ito ay mas higit mong makikilala ang mga katangi-tanging lungsod o bayan sa iyong sariling rehiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang mga talata.**

Ang Pambansang Punong Rehiyon o NCR ay binubuo ng 16 na lungsod at 1 munisipalidad na may kani-kaniyang katangian dahilan upang ito ang maging sentro ng ating bansa.

Magsimula tayo sa Lungsod ng **Maynila,** ang kabisera ng bansa. Ito ang lugar ng katuparan ng mga pangarap para sa ilan nating mga kababayan na nakatira sa mga probinsya. Nais nilang makarating dito upang maranasan ang tinatawag na "buhay Maynila". Pinaniniwalaang halos lahat ng oportunidad ay matatagpuan dito dala marahil ng rmaraming mga negosyo at trabaho. Makikita rin ang mga kilalang pamilihan sa Divisoria na mura ang mga bilihin. Kilala rin dito ang simbahanng Quiapo na tahanan ng Poong Nazareno na may milyon-milyong deboto na taon - taon ay sumasama sa prusisyon tuwing ika-9 ng Enero.

Maraming dayuhan ang nagnanais na makapamasyal sa mga makasaysayang pook dito tulad ng *Rizal Park, Intramuros, Paco Park*, simbahan ng *Manila Cathedral* at *San Agustin*. Sa Look ng Maynila (*Manila Bay*) ay masisilayan ang magandang tanawin nang paglubog ng araw.

Kung ang hanap ay mga matitibay na sapatos, ang Lungsod ng **Marikina** ang dapat nating puntahan. Ang pagpapahalaga sa maayos na paggawa at pagbibigay ng de kalidad na mga produkto ay isa sa mga kilalang katangian ng mga taga - Marikina.

Ang munisipalidad naman ng **Pateros** ay kilala sa industriya ng pagtitinda ng balut, penoy, itlog na maalat at ang masarap na kakanin*inutak*. Maliit man ang sukat nito ay sagana naman sa mga produktong kanilang ipinagmamalaki.

Ang Lungsod ng **Pasay** ay isa sa dalawang lungsod na kinatatayuan ng Pambansang Paliparan, ang *Ninoy Aquino International Airport* (NAIA). Tahanan din ito ng isa sa pinakamalalaking pasyalan sa buong mundo, ang *Mall of Asia* na katatagpuan ng maraming mga tindahan at kainan na sadyang atraksyon para sa buong pamilya. Dito din matatagpuan ang **PICC** (Philippine International Convention

Center) na madalas pagganapan ng mga natatanging gawain tulad ng pagtitipon para sa pagtatapos, pagpupulong, exhibit at iba pa. Narito din ang **CCP** (Cultural Center of the Philippines) na pinagtatangahalan ng mga musika, sayaw, konsyerto, at ibang gawain na nakasentro sa sining na ang layunin ay maitaguyod ang kulturang Pilipino.

Hindi rin pahuhuli ang pinakamalaking lungsod sa NCR, ang Lungsod **Quezon** na dating kabisera ng ating bansa. Kilala ito sa naglalakihang istasyon ng mga telebisyon tulad ng *TV 5, ABS-CBN, GMA Network, GEMTV, UNTV, Net 25, PTV, RPN at IBC* na dito matatagpuan. Tahanan din ito ng ilan sa mga mahahalagang opisina ng mga sangay ng pamahalaan tulad ng Batasang Pambansa, Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas o ang Kongreso, maging ang pangunahing kampus ng Unibersidad ng Pilipinas ay dito rin matatagpuan.

Tunay nga na ang bawat lungsod sa Pambansang Punong Rehiyono NCR ay may iba't ibang katangiang maipagmamalaki ng bawat isa namakatutulong sa pag-unlad at pagbabago na hinahangad ng rehiyon.

## D

### Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: "Know Your City"

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Magbigay ng dalawang natatanging katangian ng inyong lungsod na iyong maipagmamalaki.
2. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga sa natatanging katangian ng inyong sariling lungsod at rehiyon? Magbigay ng dalawang halimbawa

## E

### Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Alamin Natin

Isulat ang letra ng tamang sagot.

_____1. Saang lungsod matatagpuan ang opisina ng kongreso?

A. Lungsod Quezon　　C. Maynila
B. Makati　　D. Parañaque

_____2. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing produkto na ipinagmamalaki ng Lungsod ng Marikina?

A. balut　　C. patis
B. hopia　　D. sapatos

_____3. Ano ang tawag sa sikat na kakanin mula sa Pateros nagawa sa malagkit na kanin?

A. biko　　C. kalamay
B. inutak　　D. sapin-sapin

_____4. Anong lungsod ang kasalukuyang kabisera ng ating bansa?

A. Lungsod Quezon C. Maynila

B. Makati D. Pasay

_____5. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pagpapahalagasa mga natatanging katangian ng iyong sariling lungsod **MALIBAN** sa _

A. ikukuwento ko ito sa aking mga kaibigan.

B. yayain ko ang aking pamilya na pasyalan ito.

C. ikatutuwa ko ang kapintasan ng aking lungsod.

D. magsasaliksik ako ng karagdagang kaalaman tungkol sasariling lungsod.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumuhit ng puso♡ kung sumasang- ayon ka sa pahayag at tatsulok △ naman kung hindi.

________1. May mga katangian ang bawat lungsod at munisipalidad sa sariling rehiyon.

________2. Sa Laguna de Bay nasasaksihan ang sikat na paglubogng araw.

________3. Ang mga makasaysayang lugar ay isa sa mga ipinagmamalaking katangian ng bawat lungsod.

________4. Hindi mahalaga ang pinagmulan ng pangalan ng isanglungsod at munisipalidad sa kanyang pagkakakilanlan.

_______5. Dapat tayong makiisa sa mga gawain na nagpapakita ng pagpapahalaga at pagmamalakisa ating sariling lungsod at munisipalidad.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: SLOGAN MAKING**

Gumawa ng slogan na magpapahayag kung paano mo pinahahalagahan ang mga katangian ng iyong sariling lungsod.

Gawing batayan ang rubrik sa pagbuo ng gawain:

Rubrik sa Paggawa ng Slogan

Paksa: Pagpapahalaga sa mga Katangian ng Sariling Lungsod

| Mga Pamantayan | Mahusay 3 puntos | Katamtaman 2 puntos | Nangangailangan pa ng Pagsasanay 1 puntos |
|---|---|---|---|
| Presentasyon | Malinis, maayos at nailahad nang maayos ang konseptong nais iparating | Malinis, maayos ngunit hindi gaanong malinaw ang konseptong nais Iparating | Di- gaanong maayos at hindi maunawaan ang konseptong nais Iparating |
| Nilalaman | Nagpapakita ng kabuuang pag-unawa sa paksa | Nagpapakita ng katamtamang pag-unawa sa paksa. | May kakulangan sa pag-unawa sa paksa. |
| Pagkamalikhain | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa gawaing inihanda | Naging malikhain sa gawaing inihanda | Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda. |

# Susi sa Pagwawasto

**Week 1**

| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 |
|---|---|
| 1. T<br>2. T<br>3. M<br>4. T<br>5. T | 1. D<br>2. C<br>3. B<br>4. C<br>5. B |

**Week 2**

| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 |
|---|---|---|
| 1. Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Tama | 1. C<br>2. D<br>3. B<br>4. A<br>5. B | 1. D<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. B |

**Week 3**

| Gawain sa PagkatutoBilang 2 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 | Gawain sa PagkatutoBilang 4 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 |
|---|---|---|---|
| 1. /<br>2. X<br>3. X<br>4. /<br>5. / | Bigyangpuntos kung nasagot ng mga mag-aaral ang mga tanong sa bawat bilang. | 1. A<br>2. B<br>3. C<br>4. C<br>5. D | Bigyang puntos kung nasagot ng mga mag-aaral ang mgatanong sa bawat bilang. |

**Week 4**

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 | Gawain sa Pagkatuto Bilang 5 |
|---|---|---|---|
| 1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Mali<br>5. Tama | 1. Diwa ng 1896<br>2. Kalapati<br>3. Araw<br>4. Kalasag<br>5. Malyete o Gabel | 1. D<br>2. A<br>3. C<br>4. D<br>5. B | **Note:** Bigyang puntos kung naiguhit, naipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolo ng sariling lungsod o bayan, at napahalagahan ito ng mag-aaral.<br>**Note:** Gumamit ng Rubrik |

**Week 5**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:**

**Note:** Paghahambing: Gamit ang Talahanayan (Depende sa guro ang pag-iskor)

| LungsodQuezon (Pagkakaiba) | (Pagkakapareho) | Lungsod ng Maynila (Pagkakaiba) |
|---|---|---|
| 1. Tatsulok ang hugis ng simbolo. May Monumento ng Pangulong Manuel L. Quezon at lugar din na Quezon MemorialCircle.<br>2. May ilawan na kulay pilak, gabel o malyete (maliit na maso). | 1. May bituin at pangalan ng ating bansa.<br>2. May kulay pula, asul at dilaw na kulay ng atingbandila. | 1. Bilog ang hugis ng simbolo. May kalahating leon at kalahating dolphin.<br>2. May kalasag, Pearl of the Orient at mga alon. |

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: |
|---|---|---|
| **Note:** Paggawa ng Album ng mga Sagisag (Depende sa guro ang pag-iskor gamit ang **Rubriks sa Paggawa at Paglalarawan** | 1. Malabon<br>2. Pasig<br>3. Marikina<br>4. Mandaluyong<br>5. Maynila | 1. E<br>2. D<br>3. A<br>4. C<br>5. B |

## Week 6

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: |
|---|---|---|---|
| 1. NCR<br>2. kaunlaran<br>3. bandila<br>4. katarungan<br>5. adhikain | 1. E<br>2. C<br>3. A<br>4. F<br>5. B | Bigyang puntos kung nasagot ng mga mag-aaral ang mgatanong sa bawat bilang. | 1. himno<br>2. NCR<br>3. Las Piñas<br>4. Mandaluyong<br>5. Pateros |

## Week 7

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: |
|---|
| 1. ☺ 2. ☹<br>3. ☺ 4. ☺<br>5. ☹ |

| Gawain sa PagkatutoBilang 2: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: (in any order) | Gawain sa Pagkatuto Bilang4: |
|---|---|---|
| 1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Tama<br>5. Tama | 1. Bonifacio<br>2. De Jesus<br>3. Del Pilar<br>4. Leyba<br>5. Colayco | 1. B<br>2. C<br>3. C<br>4. D<br>5. D |

## Week 8

| Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: |
|---|---|---|---|
| Bigyan ng tig 5 puntos kung nasagot ng mga mag aaral ang mga tanong sa bawatbilang. | 1. A<br>2. D<br>3. B<br>4. C<br>5. C | 1. ♡<br>2. △<br>3. ♡<br>4. △<br>5. ♡ | Gamitin ang rubrik bilang gabay sa pagbibigay ng puntos. |

# Sanggunian


Antonio, E. D., et.al. (2015) **Kayamanan 3 (National Capital Region).** Manila: Rex Book Store Inc. p. 94, 112- 114, p.143-146, p.161-164, p.162-171

Cacho, Raymart P.,et.al. Ang mga Kuwento ng mga Lungsod sa NCR, Modyul sa Araling Panlipunan 3 Ikalawang Markahan

Daroni, C. E., et. al., (2019) **Kayamanan 3 (National Capital Region)**. Manila: Rex Book Store Inc. p.129-132

Goyal, Mary Ann DG.,et.al (2019). Araling Panlipunan 3 National Capital Region Kagamitan ng Mag-aaral .Quezon City: Studio Graphics Corp. p.229-234, p. 237-242, p.250-251,p.256-265

Manalo, T.G., Capunitan, C. A., et al. (2015). *Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog*. [Unang Edisyon]. Quezon City: Book Media Press, Inc.

https://www.officialgazette.gov.ph/bonifacio-150/filipino/
https://www.manilatimes.net/2017/02/11/weekly/the-sunday-times/bamboo-organ-assembled-restored/311698/
https://newsinfo.inquirer.net/717555/malabon-church-bolo-wielding-saint-cited-for-helping-bonifacio
http://www.geocities.ws/jkandres/portfolio/trial2/music.html
https://www.facebook.com/officialMuntinlupacity/posts/d41d8cd9/1851192408303003/
Sulyap sa Nakaraan Valse de Muntinlupa, Nilikha ni Antonio "Jakins" Camins Titik ni Del Micor-Camins
https://pia.gov.ph/news/articles/1008080
https://www.gsis.gov.ph/special-programs/culture-and-arts/gsis-museo-ng-sining/
https://www.morefunwithjuan.com/2018/10/tanghalang-pasigueno.html
https://www.vigattintourism.com/tourism/articles/Pateros-Here-I-Come
https://iskomunidad.upd.edu.ph/index.php/Oblation
https://libre.inquirer.net/3929/heroes-landmarks-na-di-dapat-dedmahin
https://noordinarywanderer.wordpress.com/2012/04/02/art-structure-by-reynato-paz-contreras/
https://www.facebook.com/bonifacioglobalcityph/photos/ever-wondered-what-the-trees-means-the-art-installation-crafted-by-reynato-paz-c/411854538879849/
https://www.taguig.gov.ph/
https://www.facebook.com/ValenzuelaCityGov/photos/sagisagvalenzuela-bahay-ni-dr-pio-valenzuela/10153393453173378/
https://onenews.ph/katipunan-leaders-stone-house-in-valenzuela-to-rise-again?fbclid=IwAR0wbjAtvIDSVPo3Oc08j8ek261JlSihpNhwaX81vC4qxgQn6LN5LMgHuFE
https://www.google.com/search?q=larawan+ng+maynila+sa+panahon+ng+espanyol&sxsrf=ALeKk02_XOH7-HzoluXvzt3II2mxiuXXpw:1625401512963&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiKq_7C-tMnxAhUKBKYKHUa0DSUQ_AUoAXoECAIQAw&biw=1280&bih=609#imgrc=DkH0s4lcVCUmiM

https://www.google.com/search?q=manila+cathedral+sa+kasalukuyan&tbm=isch&ved=2ahUKEwi1wZDftcnxAhVjT_UHHeaMCxQQ2-cCegQIABAA&oq=manila+cathedral+sa+kasalukuyan&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECCMQJzoECAAQQzoFCAAQsQM6AggAOgcIABCxAxBDUPrDA1iqggRg0IUEaABwAHgBgAH6AogBhh-SAQg0LjI0LjAuMpgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=-qnhYLXcBOOe1e8P5pmuoAE&bih=609&biw=1280#imgrc=u26Ggdlk3P85dM&imgdii=bISqDoHLpq_g7M

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education NCR Regional Office

Office Address: Misamis Road, Bago-Bantay, Quezon City

Landline:

Email Address: